# MGA KASAYSAYAN NG MGA PANGANIB

Depende sa lokasyon ng komunidad, may mga partikular na panganib na mas malamang na mangyari kumpara sa iba. Halimbawa, hindi kailangan ng mga nakatira sa islang tropikal na maghanda para sa malakas na bagyong niyebe ngunit maaaring kailangan nilang maghanda para sa tsunami. Mahalagang maunawaan ang posibilidad na mangyari ang mga panganib sa iyong lugar upang mapaghandaan ang mga iyon at maiwasang maging sakuna ang mga epekto ng mga iyon. May mga panganib na maaaring regular na nangyayari sa lokal na komunidad kaya maaaring alam na ng mga tao kung paano paghandaan ang mga iyon. Mahalagang malaman at sundin ang mga lokal na kaalaman at pamamaraan sa paghahanda upang mapamahalaan ang posibilidad na magkaroon ng sakuna sa lugar.

**Mga Aktibidad para Mapaliit ang Posibilidad na Magkaroon ng Sakuna**

### Oras na Kailangan

30 minuto – 1 oras

### Hirap

Madali

### Mga Kinakailangan

Lapis, papel

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang:**

- Isipin ang iyong komunidad. Ano ang mga panganib na regular na nangyayari doon?

**Ikalawang Hakbang:**

- Kausapin ang mga nakatatanda sa iyong komunidad upang matuto pa tungkol sa mga panganib na kinaharap na sa iyong lugar. Kung papahintulutan nila, mainam na isulat o irekord ang mga kuwento nila upang magsilbing gabay ang mga iyon.
- Paano naghahanda ang iyong komunidad? May panganib na bang naging sakuna? Kung mayroon, paano tumugon ang iyong komunidad noong nangyari iyon at paano sila nakabangon? Nakaranas ba sila ng mga panganib sa komunidad habang lumalaki sila? Naiiba ba ang mga panganib na naranasan dati ng iyong komunidad sa kasalukuyang kinakaharap nito?
- Magtanong tungkol sa mga karanasan nila upang matuto pa tungkol sa kasaysayan ng komunidad mo.

**Ikatlong Hakbang:**

- Pag-isipan kung paano mo maibabahagi ang mga kuwento nila sa mga kaedaran at mas nakababata sa iyo upang matiyak na susundin ng iyong komunidad ang mga lokal na kaugalian sa paghahanda.

